HEKASI 6

Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA)

**Distance Education for Elementary Schools**

**SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS**



# TAO, MAHALAGA BA SA BANSA?


Department of Education
BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION
2nd Floor Bonifacio Building
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

**Revised 2010**
by the Learning Resource Management and Development System (LRMDS),
DepEd - Division of Negros Occidental
under the Strengthening the Implementation of Basic Education
in Selected Provinces in the Visayas (STRIVE).

*Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:*

***"No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit."***

This material was originally produced by the Bureau of Elementary Education of the Department of Education, Republic of the Philippines.

This edition has been revised with permission for online distribution through the Learning Resource Management Development System (LRMDS) Portal (http://lrmds.deped.gov.ph/) under Project STRIVE for BESRA, a project supported by AusAID.

# GRADE VI

# TAO, MAHALAGA BA SA BANSA?

## ALAMIN MO

Larawan ng guro at mag-aaral sa loob ng silid-aralan




Sa bawat bansa, ang tao ay mahalaga anuman ang kanyang kasarian, gulang at katayuan sa buhay. Hindi mabubuo ang isang bansa kung walang mga taong mangangalaga at makatutugon sa pag-unlad ng bansa.

Sa modyul na ito matututuhan mo ang mga sumusunod.


- Kahalagahan ng populasyon o ng mga tao
- Katangian ng populasyon sa pag-unlad ng bansa.

## PAGBALIK-ARALAN MO

Bago mo simulan ang bagong aralin magbalik-aral ka muna.

Subukin mo ang iyong sarili. Gawin mo ang pagsasanay na ito.

Panuto: Pag-aralan ang bawat larawan. Piliin sa talaan ang titik ng tamang sagot na isinasaad sa larawan.



1



2



3



4

A. Malusog
B. Matalino
C. May disiplina
D. Matapat
E. Matulungin

Nasagot mo ba nang tama ang lahat? Magaling! Kung hindi, huwag mababahala dahil marami ka pang matututunan matapos basahin ang susunod na sanaysay.

## PAG-ARALAN MO

Basahin:


Ang tao ang bumubuo sa bansa. Nababatay sa uri ng mamamayan na naninirahan dito ang pag-unlad ng isang bansa. Narito ang mga larawan na nagpapakita ng katangiang dapat taglayin ng mamamayan na nakatutulong sa pag-unlad ng bansa.




May disiplina ba ang mga tao sa larawang ito?

Malaki ang maitutulong ng mga mamamayang may sariling disiplina sa ikauunlad ng isang bansa. Ano kaya ang mangyayari sa Pilipinas kung ang bawat tao ay magtatapon ng basura kahit saan? Kung tatawid basta-basta sa lansangan? Kung magumon sa masamang bisyo at iba pa? Hindi matatamo ang anumang layunin kapag ang disiplina ay mawala. Ang tao ay kailangang may pagpipigil sa sarili at sumusunod sa mga kautusan.

Ikaw, sumusunod ka ba sa payo ng iyong magulang? Tumatawid sa tamang tawiran? Hindi nagkakalat ng basura? Kung oo lahat ang sagot mo, nakatutulong ka sa ating bansa. Magaling!



Ano ang mga katangian ng mga taong nakikita mo sa larawang ito? Sila ba ay may kasanayan at may magandang saloobin sa paggawa?


Alam mo, kilala ang mga Pilipino sa kanilang kakayahan at kasanayan sa paggaawa ng iba't-ibang bagay. Sila ay malikhain at mapanuklas ng mga bagay na nakapagpapagaan at nakapagpapaginhawa sa mga gawain. Ilan dito ay ang dyip na likha ni Leonardo Sarao at kuryenteng kudkuran na niyog ni Benjamin Almeda Sr.

Bukod sa pagkakaroon ng kasanayan, kinakailangan din ang tao ay may wastong saloobin sa paggawa. Maraming natatapos na gawain sa takdang oras at nakalilikha ng mga produkto na magaganda at may mataas na uri. Walang oras na nasasayang. Dapat mo ba silang tularan?



Tingnan mo naman ang mga tao sa larawang ito. Alam mo, nagiging malakas at maunlad din ang Pilipinas kapag ang mga tao ay may angking talino at malusog. Dahil sa kanyang katalinuhan at kalusugan nagagawa niyang matugunan ang pangangailangan ng mga tao. Naibabahagi sa iba ang kanyang kaalaman at kasanayan. Patuloy rin ang pagtuklas niya ng iba't-ibang kaalaman, bagong ideya at nagpapakita ng magandang saloobin sa paggawa. Sa kabuuan siya'y taong produktibo.

Ngayon alam mo na ang mga katangian na dapat taglayin ng tao upang makatulong sa pag-unlad ng bansa, itala mo sa “Ladder Organizer” na ito.




## PAGSANAYAN MO


Ngayon subukin mo ang iyong kaalaman batay sa nabasa mong talata.

Panuto: Punan ng wastong salita ang bawat patlang upang mabuo ang pangungusap. Piliin sa kahon ang tamang sagot at isulat sa iyong notebook.

1. Kinakailangan ang tao sa pagbuo ng ___________.
2. Higit na uunlad ang bansa kung ang mga mamayan ay malulusog at ________.
3. Nagiging matatag at ________ ang bansa dahil sa taglay na mabubuting katangian ng mga tao.
4. Ang taong __________ ay may sapat na lakas na gumanap ng mga gawain.

5. Kung walang yamang _________ ang bansa ay di uunlad.

| | |
|---|---|
| Manggagawa | Matalino |
| Bansa | Tao |
| Malusog | Maunlad |



## TANDAAN MO

1. Mahalaga ang tao sa pagbuo ng bansa
2. May iba't-ibang katangian na dapat taglayin ng mga tao sa pagpapaunlad ng bansa tulad ng:
   - May disiplina
   - May kasanayan
   - May wastong saloobin sa paggawa
   - May pagtitiwala sa sariling kakayahan
   - Malusog at matalino

Sinasabing ang tao ay mahalaga sa pagbuo ng isang bansa ngunit sa ating bansa may nagsasabi na ang tao ang dahilan ng kahirapan. Ano ang gagawin mo upang ikaw ay di pabigat o suliranin ng bayan. Itala ang iyong dapat gagawin para makatulong ka sa pag-unlad ng bansa?

1. ___________________

2. ___________________

3. ___________________

4. ___________________





## GAWIN MO

Ibig mo bang mag rap.  Subukan mong irap ito:

> Kaibigan mahalaga ka sa pagbuo ng bansa
> Isipin ang bayan ay magiging buo buo at mapayapa
> Ipakita! Ipakita!
>
> Magandang layunin dapat taglayin
> Upang tagumpay ay iyong kamtin
> Sama-samang pagkilos ang isagawa
> Tiyak ang pamumuhay ay giginhawa.

Naibigan mo ba?  Isaulo mo ito.



## PAGTATAYA


Anong katangian ng mga mamamayan ang inilalarawan ng bawat pangungusap?  Piliin ang titik ng tamang sagot sa ibaba at isulat sa iyong kuwaderno.

1. Tinatapos ni Ben ang mga gawain mahirap man ito o magaan.
2. Naghihintay si Ana ng kanyang pagkakataon sa anumang gawain.
3. Nakaimbento si Noel ng iba't ibang bagay na nagpapagaan ng trabaho.
4. Palaging iniisip ni Don na kaya niyang gawin ang ipinapagawa sa kanya.
5. Pumapasok araw-araw si Luis sa kanyang trabaho at ni minsan ay di siya nagkasakit.

   A. may disiplina
   B. may tamang saloobin
   C. may kasanayan
   D. may pagtitiwala sa sarili
   E. malusog

PAGPAPAYAMANG GAWAIN

Gumuhit o gumupit ng mga larawan na ipinakikita ang mga katangian ng populasyon na makatutulong sa pag-unlad ng bansa. Sumulat ng 2 o 3 pangungusap tungkol dito.



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.